

Huwag Matakot Yugto 3

Ang Salita ng Dios ay patuloy na nagbibigay ng higit na kaaliwan at katiyakan sa atin at sa lahat ng Kaniyang bayan na inilaan ang kanilang puso upang sundin ang Dios at mamuhay ayon sa Kaniyang mga landas. Hinihikayat ng Salita ng Dios ang Kaniyang bayan na patuloy na hanapin Siya, magtiwala sa Kanya at sumunod sa lahat ng Kaniyang mga alintuntunin at utos dahil ang lahat ng Kaniyang mga pangako ay totoo at tiyak na matutupad. Kaya patuloy nating pag-aaralan ang mga Kasulatan sa mensaheng ito at higit pang naengganyo sa pahayag na, **“Huwag kang matakot”**, mula sa Panginoon.

16. **“7 Inyong pakinggan ako, ninyong nakakaalam ng katuwiran, bayan na ang puso ay kinaroonan ng aking kautusan; huwag ninyong katakutan ang pula ng mga tao, o manglupaypay man kayo sa kanilang mga paglailait. 8 Sapagka't sila'y lalamunin ng tanga na parang bihisan, at kakanin sila ng uod na parang bihisan na balahibo ng tupa; nguni't ang aking katuwiran ay magiging magpakailan man, at ang aking pagliligtas ay sa lahat ng sali't saling lahi.”** (Isaias 51:7-8 KJV) Hinihikayat ng Dios ang Kaniyang bayan na sumusunod sa Kaniyang mga utos at isapuso ang Kaniyang kautusan. Sinasabi Niya sa ating lahat na may takot at sumusunod sa Kaniya, na huwag matakot o mahiya sa sinasabi ng iba nang masama tungkol sa atin. Tiyak na kikilos ang Dios laban sa kanila at ibibigay sa kanila ang nararapat sa kanila na kahihyan at kahiya-hiya. Patutunayan ng Dios sa mga sumasalungat at nangungutya sa atin na ang ating pagpili na sundin Siya at ipamuhay ang ating buhay para sa Kaniya ay ang tamang desisyon. **“4 Huwag kang matakot; sapagka't ikaw ay hindi mapapahiya: o malilito ka man; sapagka't hindi ka malalagay sa kahihyan: sapagka't iyong kalilimutan ang kahihyan ng iyong kabataan, at ang pula sa iyong pagkabao ay hindi mo maaalaala pa.”** (Isaias 54:4 KJV) Maaaring sa ngayon tayo ay nagdurusa at inuusig dahil namumuhay tayo sa kabanalan, **“12 Oo, at lahat na ibig mabuhay na may kabanalan kay Cristo Jesus ay mangagbabata ng paguusig.”** (2 Timoteo 3:12 KJV) Ngunit ang Panginoon ay kikilos nang kamangha-mangha para sa atin at Kanyang ilalabas tayo mula sa kasalukuyang pagdurusa at aalisin natin sa kahihyan at pupunuin tayo ng kagalakan, **“5 Sapagka't ang May-lalang sa iyo ay iyong asawa; ang Panginoon ng mga hukbo ay kaniyang pangalan: at ang Banal ng Israel ay iyong Manunubos, ang Dios ng buong lupa tatawagin siya.”** (Isaias 54:5 KJV) Kaya't, **“21 Huwag kang matakot, Oh lupain, ikaw ay matuwa at magalak; sapagka't ang PANGINOON ay gumawa ng dakilang mga bagay. 22 Huwag kayong mangatakot, kayong mga hayop sa parang; sapagka't ang mga pastulan sa ilang ay lumalago, sapagka't ang punong kahoy ay nagbubunga, ang puno ng higos at ang puno ng ubas ay nagbubunga. 23 Kayo nga'y mangatuwa, kayong mga anak ng Sion, at mangagalak sa PANGINOON ninyong Dios; sapagka't kaniyang ibinibigay sa inyo ang maagang ulan sa tapat na sukat, at kaniyang pinalalagpak ang ulan dahil sa inyo, ang maagang ulan at ang huling ulan, sa unang buwan. 24 At ang mga lapag ay mangapupuno ng trigo, at ang mga kamalig ay aapawan ng alak at Langis. 25 At aking isasauli sa inyo ang mga taon na kinain ng balang, ng uod, at ng kuliglig, at ng tipaklong na siyang aking malaking hukbo, na aking sinugo sa gitna Ninyo. 26 At kayo'y magsisikaing sagana, at mangabubusog, at inyong pupurihin ang pangalan ng PANGINOON ninyong Dios, na gumawa ng kababalaghan sa inyo; at ang aking bayan ay hindi mapapahiya kailan man. 27 At inyong malalaman na ako'y nasa gitna ng Israel, at ako ang PANGINOON ninyong Dios, at wala nang iba; at ang aking bayan ay hindi mapapahiya magpakailan man.”** (Joel 2:21-27 KJV) Sa huli, panunumbalikin ng Panginoon ang Kanyang bayan at gagantimpalaan sila sa kanilang pagtitiis sa pagsisisi at kahandaan na magdusa alang-alang kay Cristo.

17. **“13 At sino ang sa inyo ay aapi, kung kayo'y mapagmalasakit sa mabuti? 14 Datapuwa't kung mangagbata kayo ng dahil sa katuwiran ay mapapalad kayo: at huwag kayong mangatakot sa kanilang pangtakot, o huwag kayong mangagulo; 15 Kundi inyong ariing banal si Cristo na PANGINOON sa inyong mga puso: na lagi kayong handa ng pagsagot sa bawa't tao na humihingi sa inyo ng katuwiran tungkol sa pagasang nasa inyo, nguni't sa kaamuan at takot.”** (1 Pedro 3:13-15 KJV) Huwag kang matakot kung napagpasyahan mo na na sundin ang Dios at lakarin ang Kanyang mga daan. Huwag kang matakot kung ginawa mo ang tama at makatuwiran. Huwag matakot, walang sinuman ang mananakit sa iyo, at ang Panginoon ngayon ay nagpapalakas sa iyo sa pamamagitan ng Kanyang Salita upang patuloy mong paglingkurang Siya at ipamuhay ang iyong buhay para sa Kanya. **“7 Sapagka't hindi tayo binigyan ng Dios ng espiritu ng katakutan; kundi ng kapangyarihan at ng pagibig at ng kahusayan.”** (2 Timoteo 1:7 KJV)

18. **“12 Nang magkagayo'y sinabi niya sa akin, Huwag kang matakot, Daniel; sapagka't mula nang unang araw na iyong ilagak ang iyong puso na makaunawa, at magpakababa sa harap ng iyong Dios, ang iyong mga salita ay dininig: at ako'y naparito alangalang sa iyong mga salita. 13 Nguni't ang prinsipe ng kaharian ng Persia ay nakipagpunyagi sa akin na dalawang pu't isang araw; nguni't, narito, si Miguel ay isa sa mga punong prinsipe, dumating upang tulungan ako: at ako'y natira doon na kasama ng mga hari sa Persia. 14 Ngayo'y naparito ako upang ipatalastas sa iyo kung ano ang mangyayari sa iyong bayan sa mga huling araw; sapagka't ang pangitain ay ukol sa maraming mga araw pa.”** (Daniel 10:12-14 KJV) Si Daniel ay pinangunahan ng Banal na Espiritu at tinuruan ng Salita ng Dios na manalangin at mag-ayuno at magpakumbaba upang magkaroon ng pang-unawa at karunungan. Kumilos ang Panginoon para kay Daniel ngunit ang Diablo ay lumaban dito. Kaya't ang nakapagpapalakas na mensahe ng Panginoon kay Daniel ay, **“At**

kaniyang sinabi, *Oh taong minamahal na mainam, "huwag kang matakot: Daniel", kapayapaan ang sumaiyo, magpakalakas ka, oo, magpakalakas ka. At nang siya'y magsalita sa akin, ako'y lumakas, at nagsabi, Magsalita ang aking panginoon; sapagka't iyong pinalakas ako.*" (Daniel 10:19 KJV) Ganon din para sa iyo ngayon kung hinahanap mo ang Dios at handang sundin Siya, at ang Diablo ay sinasalungat ka kung gayon ang mensahe sa iyong kamay ay upang hikayatin ka na magpatuloy at patuloy na manindigan dahil ang tulong ng Dios ay paparating upang tulungan ka at paginhawain ka.

19. "28 At huwag kayong mangatakot sa mga nagsisipatay ng katawan, datapuwa't hindi nangakapatay sa kaluluwa: kundi bagkus ang katakutan ninyo'y yaong makapupuksa sa kaluluwa at sa katawan sa impierno. 29 Hindi бага ipinagbibili ng isang beles ang dalawang maya? at kahit isa sa kanila'y hindi mahuhulog sa lupa kung hindi pahintulot ng inyong Ama: 30 Datapuwa't maging ang mga buhok ng inyong ulo ay pawang bilang na lahat. 31 Huwag nga kayong mangatakot: kayo'y lalong mahalaga kay sa maraming maya." (Mateo 10:28-30 KJV) Habang ipinapadala ni Jesus ang Kanyang mga alagad, nakita Niya ang pagtutol at pag-uusig na kanilang haharapin sa kanilang paglilingkod sa Dios. Kaya't hinikayat Niya silang huwag matakot sa mga taong tututol at magbabanta sa kanila, bagkus ay matakot sa Dios nang higit at ipagpatuloy ang paglilingkod sa Kanya. "4 At sinasabi ko sa inyo mga kaibigan ko, Huwag kayong mangatakot sa mga pumapatay ng katawan, na pagkatapos niyan ay wala na silang magagawa. 5 Datapuwa't ipinagpapauna ko sa inyo kung sino ang inyong katatakutan: Katakutan ninyo yaong pagkatapos na pumatay, ay may kapangyarihang magbulid sa impierno; tunay, sinasabi ko sa inyo, Siya ninyong katakutan. 6 Hindi бага ipinagbibili ang limang maya sa dalawang beles? at isa man sa kanila ay hindi nalilimutan sa paningin ng Dios. 7 Datapuwa't maging ang mga buhok ng inyong ulo ay pawang bilang na lahat. Huwag kayong mangatakot: kayo'y lalong mahalaga kay sa maraming maya." (Lucas 12:4-7 KJV)

20. "4 Gayon ma'y magpakalakas ka ngayon, Oh Zorobabel, sabi ng Panginoon; at magpakalakas ka, Oh Josue, na anak ni Josadac, na pangulong saserdote; at mangagpakalakas kayo, kayong buong bayan sa lupain, sabi ng PANGINOON, at kayo'y magsigawa: sapagka't ako'y sumasa inyo sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, 5 Ayon sa salita na aking itinipan sa inyo nang kayo'y magsilabas sa Egipto, at ang aking Espiritu ay nanahan sa inyo: huwag kayong mangatakot." (Haggai 2:4-5 KJV) Habang ang bayan ng Dios, matapos bumalik mula sa pagkakabihag, ay sinimulang muling itayo ang templo ng Dios sa Jerusalem, pinalakas sila ng Panginoon; pinalakas Niya ang kanilang hari na si Zerobabel, ang kanilang punong saserdote at ang iba pang mga tao upang magpatuloy sila sa kanilang paglilingkod at ang templo ng Dios ay maitayo at matapos. Ganon din para sa iyo ngayon habang patuloy kang naglilingkod sa Dios at marami pang layunin ang naghihintay sa iyo na dapat mong makamit at tapusin ang mga gawaing ito, narito ang Panginoon upang tulungan ka at suportahan ka sa Kanyang Salita upang maging tunay na tagapagtayo para sa isang dakilang ministryo at para sa Kanyang kaluwalhatian.

21. "20 Datapuwa't samantalang pinagiisip niya ito, narito, ang isang anghel ng PANGINOON ay napakita sa kaniya sa panaginip, na nagsasabi: Jose, anak ni David, huwag kang mangamba sa pagtanggap kay Maria na iyong asawa: sapagka't ang kaniyang dinadalang-tao ay sa Espiritu Santo." (Mateo 1:20 KJV) Si Jose ay nasa proseso ng pagpapalano at paghahanda para sa pag aasawa kay Maria na ina ni Jesus. Sinasabi sa atin ng Bibliya ang sumusunod: "18 Ang pagkapanganak nga kay Jesucristo ay ganito: Nang si Maria na kaniyang ina ay magaasawa kay Jose, bago sila magsama ay nasumpungang siya'y nagdadalang-tao sa pamamagitan ng Espiritu Santo. 19 At si Jose na kaniyang asawa, palibhasa'y lalaking matuwid, at ayaw na ihayag sa madla ang kaniyang kapurihan, ay nagpasiyang hiwalayan siya ng lihim." (Mateo 1:18-19 KJV) Kaya si Jose ay naguluhan sa kung ano ang gagawin kay Maria at kung paano haharapin ang sitwasyon. Isang bagay lamang ang pumasok sa kanyang isip, at iyon ay ang ihiwalay siya dahil walang makatuwirang dahilan para kay Jose kung bakit siya nagdadalang-tao. Habang iniisip niya kung ano ang gagawin, nagsalita ang Panginoon sa kanya sa isang panaginip at ang tinig ng Diyos ay dumating kay Jose, *sinasabi, Jose, ikaw na anak ni David, huwag kang matakot na kunin si Maria na iyong asawa*", at ipinaliwanag ng Panginoon sa kanya mula sa Kanyang Salita na kung anong pinagdaraan ni Maria, pinagtibay iyon ng Salita ng Dios gaya ng nakasulat ito sa aklat ng Isaias, "22 At nangyari nga ang lahat ng ito, upang maganap ang sinalita ng PANGINOON sa pamamagitan ng propeta, na nagsasabi, 23 Narito, ang dalaga'y magdadalang-tao at manganganak ng isang lalake, At ang pangalang itatawag nila sa kaniya ay Emmanuel; na kung liliwanagin, ay sumasa atin ang Dios." (Mateo 1:22-23 KJV) Si Jose ay dumaraan sa isang bagay na pambihira para sa tao ngunit ipinaliwanag ito ng Panginoon sa kanya nang sapat at tiniyak sa kanya at inalis ang lahat ng kanyang takot. Binigyan siya ng Panginoon ng mas malalim na pag-unawa tungkol sa misyon ni Jesus at kung ano ang Kanyang layunin sa buhay ng mga tao tulad ng sinabi ng Panginoon kay Jose, "21 At siya'y manganganak ng isang lalake; at ang pangalang itatawag mo sa kaniya'y JESUS; sapagka't ililigtas niya ang kaniyang bayan sa kanilang mga kasalanan." (Mateo 1:21 KJV)

Ganon din para sa atin ngayon, ang Panginoon ay maaaring tiyakin sa atin at makialam sa pinaka-nakakalitong mga sandali ng ating buhay at ipaliwanag sa atin; na ang nangyayari ay ayon sa Kanyang kalooban at plano. Kaya mayroon tayong kaloob ng Dios at tulad ng sumusunod:

A. Ang Banal na Espiritu: Darating ang Panginoon at magsasalita sa atin at tiyakin sa atin na Siya ang may kontrol at nasa likod ng lahat ng mga pangyayari sa ating buhay, **“4 Mangagalak kayong lagi sa PANGINOON: muli kong sasabihin, Mangagalak kayo. 5 Makilala nawa ang inyong kahinhinan ng lahat ng mga tao. Ang PANGINOON ay malapit na.” (Filipos 4:4-5 KJV)** Magtiwala tayo sa Dios; gaya ng ginawa ng Panginoon nang siya ay lumapit at makipagusap kay Jose at pinagtibay ito sa kanya, ganoon din ang gagawin Niya sa atin dahil malapit ang Panginoon.

B. Ang Salita ng Dios: Pinagtibay ng Panginoon ang Kaniyang sasabihin sa atin mula sa Kaniyang Salita. Hindi magsasalita ang Dios nang wala sa Kaniyang Salita. Tulad ng nangyari noong makipagusap Siya kay Jose, binigyan Niya siya ng Salita na eksaktong tumutukoy sa kalagayan na kanyang pinagdadaanan. Kaya naman kailangan nating patuloy na magbasa ng Bibliya, dahil sa Bibliya matatagpuan ang Salita ng Dios na kailangan nating basahin at marinig ang Kaniyang pananalita sa atin sa pamamagitan ng Kaniyang Salita.

Ang Banal na Espiritu at ang Salita ng Dios ang dalawang bagay na palaging gagamitin ng Panginoon upang maabot tayo, aliwin tayo, tiyakin sa atin, at gabayan tayo na patuloy na lumakad sa tamang landas. Kahit sa pamamagitan ng panaginip o mga pangitain, o sa pamamagitan ng mga tao, pareho ring mga prinsipyo ang gagamitin ng Dios.

22. “13 Datapuwa't sinabi sa kaniya ng anghel, Huwag kang matakot, Zacarias: sapagka't dininig ang daing mo, at ang asawa mong si Elisabet ay manganganak sa iyo ng isang anak na lalake, at tatawagin mong Juan ang kaniyang pangalan.” (Lucas 1:13 KJV) Si Zacarias ang pari ay isa pang taong inaliw at pinagtibay ng Panginoon. **“8 Nangyari nga, na samantalang ginaganap niya ang pagkasaserdote sa harapan ng Dios ayon sa kapanahunan ng kaniyang pulutong, 9 Alinsunod sa kaugalian ng tungkuling pagkasaserdote, ay naging palad niya ang pumasok sa templo ng PANGINOON at magsunog ng kamangyan. 10 At ang buong karamihan ng mga tao ay nagsisipanalangin sa labas sa oras ng kamangyan. 11 At napakita sa kaniya ang isang anghel ng PANGINOON, na nakatayo sa dakong kanan ng dambana ng kamangyan. 12 At nagulumihanan si Zacarias, pagkakita niya sa kaniya, at dinatnan siya ng takot. 13 Datapuwa't sinabi sa kaniya ng anghel, Huwag kang matakot, Zacarias: sapagka't dininig ang daing mo, at ang asawa mong si Elisabet ay manganganak sa iyo ng isang anak na lalake, at tatawagin mong Juan ang kaniyang pangalan.” (Lucas 1:8-13 KJV)** Natatakot si Zacarias nang makita niya ang anghel, iniisip na hindi nasisiyahan ang Dios sa kanyang paglilingkod at ministeryo. Ngunit tiniyak sa kanya ng Panginoon na narinig ng Dios ang kanyang panalangin at ipinagkaloob ang kanyang ninanais na anak na lalaki na tatawagin niyang Juan. Hindi lamang iyon, kundi idinagdag pa ng anghel ang mga sumusunod: **“14 At magkakaroon ka ng ligaya at galak; at marami ang maliligaya sa pagkapanganak sa kaniya. 15 Sapagka't siya'y magiging dakila sa paningin ng PANGINOON, at siya'y hindi ünóm ng alak ni matapang na inumin; at siya'y mapupuspos ng Espiritu Santo, mula pa sa tiyan ng kaniyang ina. 16 At marami sa mga anak ni Israel, ay papagbabaliking-loob niya sa PANGINOON na kanilang Dios. 18 At siya'y lalakad sa unahan ng kaniyang mukha na may espiritu at kapangyarihan ni Elias, upang papagbaliking-loob ang mga puso ng mga ama sa mga anak, at ang mga suwail ay magsilakad sa karunungan ng mga matuwid, upang ipaglaan ang PANGINOON ng isang bayang nahahanda.” (Lucas 1:14-17 KJV)** Napakagandang sagot sa panalangin, hindi lamang binigyan siya ng Dios ng isang anak kundi ng isang dakilang tao ng Dios, na maglilingkod sa Panginoon at magpapatuloy sa espiritu ni Elias.

Minsan ay nababalot ka ng takot at pagdududa ngunit tapat ang Panginoon. Siya ay dumarating sa iyo sa mga panahon ng kababaan ng loob, depresyon, at panghihina at pinapalakas ka sa pamamagitan ng mga sagot sa panalangin. Kaya huwag kang magduda sa Dios at huwag maging negatibo, kaya ng Panginoon at tiyak na gagawa Siya ng kamangha-mangha at dakilang mga bagay para sa iyo.

23. “8 At may mga pastor ng tupa sa lupain ding yaon na nangasa parang, na pinagpupuyatan sa gabi ang kanilang Kawan. 9 At tumayo sa tabi nila ang isang anghel ng PANGINOON, at ang kaluwalhatian ng PANGINOON ay nagliwanag sa palibot nila: at sila'y totoong nangatakot. 10 At sinabi sa kanila ng anghel, Huwag kayong mangatakot; sapagka't narito, dinadalhan ko kayo ng mabubuting balita ng malaking kagalakan, na siyang sasa buong bayan: 11 Sapagka't ipinanganak sa inyo ngayon sa bayan ni David ang isang Tagapagligtas, na siya ang Cristo ang PANGINOON. 12 At ito ang sa inyo'y magiging pinakatanda: Masusumpungan ninyo ang isang sanggol na nababalot ng lampin, at nakahiga sa isang pasabsaban.” (Lucas 2:8-12 KJV) Ang mga mahihirap na pastol na nagbabantay sa buong gabi para sa kanilang mga tupa sa bukas na parang, ay pinalugod ng Panginoon sa magandang balita ng kapanganakan ni Jesus, ang Tagapagligtas ng buong sansinukob; dumating na ang panahon para sila ay maaliw at mabigyan ng magandang gantimpala at maalis ang kanilang pagdurusa. Ang magandang balita ng Tagapagligtas ay nagbigay sa kanila ng lakas at tibay upang pumunta, makita si Jesus, at ipaalam sa iba tungkol sa Kanya. **Sa parehong paraan, kapag tinanggap mo si Jesus sa iyong buhay, ang iyong Tagapagligtas mula sa kasalanan at kamatayan, ang kapangyarihan ni Satanas ay mabubuwag mula sa iyong buhay, at mawawala lahat ng iyong takot, at ikaw ay magkakaroon ng kapayapaan**

at kaginhawaan habang pinapayagan mong maging Panginoon mo si Jesus, na gagabay sa iyo sa Kanyang mga landas at kalooban at ihandanda ka upang maging handa na kapag Siya ay dumating, ay sasama ka sa amin patungong Langit kasama si Jesus.

24. *“1 Nang magtatapos ang araw ng sabbath, nang nagbubukang liwayway na ang unang araw ng sanglinggo, ay nagsiparoon si Maria Magdalena at ang isa pang Maria upang tingnan ang libingan. 2 At narito, lumindol ng malakas; sapagka't bumaba mula sa langit ang isang anghel ng PANGINOON, at naparoon at iginulong ang bato, at nakaupo sa ibabaw nito. 3 Ang kaniyang anyo ay tulad sa kidlat, at ang kaniyang pananamit ay maputing parang niebe: 4 At sa takot sa kaniya'y nagsipanginig ang mga bantay, at nangaging tulad sa mga taong patay. 5 At sumagot ang anghel at sinabi sa mga babae, Huwag kayong mangatakot; sapagka't nalalaman ko na inyong hinahanap si Jesus na ipinako sa krus. 6 Siya'y wala rito; sapagka't siya'y nagbangon, ayon sa sinabi niya. Magsiparito kayo, tingnan ninyo ang dakong kinalagyan ng PANGINOON. 7 At magsiyaon kayong madali, at sa kaniyang mga alagad ay sabihin ninyo, Siya'y nagbangon sa mga patay; at narito, siya'y nangunguna sa inyo sa Galilea; doon makikita ninyo siya: narito, nasabi ko na sa inyo.”* (Mateo 28:1-7 KJV) Ang mga babae na dumalaw sa libingan ni Jesus, sila ay puno ng takot at lungkot ngunit pinalakas sila ng Panginoon sa pamamagitan ng mabuting balita ng muling pagkabuhay ni Jesus mula sa kamatayan. Ang mabuting balitang iyon at ang paghihikayat na kanilang natanggap ay nagudyok sa kanila na ipagpatuloy at ipangaral ang mabuting balita ng muling pagkabuhay ni Jesus sa iba at sa buong mundo, at ito ay nagpatuloy hanggang sa araw na ito at magpapatuloy hanggang sa pagdating ni Jesus upang kunin tayo sa Langit at hanggang sa katapusan.

Sa aking mahal at minamahal: “32 Huwag kayong mangatakot, munting kawan; sapagka't nakalulugod na mainam sa inyong Ama ang sa inyo'y ibigay ang kaharian.” (Lucas 12:32 KJV) Hinahahaplos ng Panginoon ang Kanyang simbahan na nagpupursige at nagpapakatatag upang mabuhay ayon sa Kanyang Salita at isakatuparan ang Kanyang kalooban at plano. Oo, *“Huwag kang matakot,”* ang Kaharian ng Dios ay para sa atin, *ito ang Salita ng Dios na patuloy Niyang ginagamit upang hikayatin tayo at patatagin sa Kanyang biyaya upang magpatuloy sa ating buhay, gawin ang Kanyang gawain, at isabuhay ang Kanyang kalooban. Nawa'y maging malaking pampalakas sa iyo ang mensaheng ito na nagtitiwala sa Kanya na Siya ay nasa iyong tabi; Hindi Ka Niya iiwan o pababayaan. Kaya't ialay mo ang iyong sarili nang buo sa Dios, upang paglingkuran Siya at isabuhay ang iyong buhay para sa Kanya.*

Manalangin tayo... .

Ang aking panalangin: Amang Dios Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa nakapagpapahikayat na Salita na nagbigay-buhay sa akin at naggabay sa akin na patuloy na sumunod sa iyo at gawin ang mga gawain na nais mong gawin ko. Panginoon, salamat sa kaligtasan at sa buhay na walang hanggan na natanggap namin mula kay Jesus. Salamat sa lugar na inihanda mo para sa amin sa Langit at yao'y darating ka upang kami'y kunin upang makasama ka magpakailanman. Panginoon, salamat po sa iyong Salita at sa Banal na Espiritu na nagdadala sa amin ng iyong Rhema na Salita upang gabayan kami sa aming buhay.

Magsisi at itakwil ang lahat ng iyong mga kasalanan. Magsisi sa lahat ng iyong mga takot, pagdududa, at mga alalahanin. Magsisi sa iyong kakulangan sa pananampalataya at tiwala sa Dios. Magsisi sa iyong hindi kagustuhang gawin ang mga gawa ng Dios at ang mga tungkuling Ipinagkatiwala Niya sa iyo na gawin. Magsisi sa iyong kakulangan sa pagbabahagi ng ebanghelyo at sa pagpapalapit ng iba kay Cristo. Magsisi sa iyong pagka-makamundo at pagibig sa materyal na bagay. Magsisi sa iyong pagnanasa, imoralidad, at ang iba pang mga gawa ng laman. Magsisi sa iyong takot sa tao at kakulangan ng takot sa Dios. Magsisi sa pakikisama sa mga hindi mananampalataya at sa media. Magsisi sa iyong kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios sa Bibliya at sa kakulangan ng panalangin. Panginoon, ako'y nagsisisi at itinakwil ang mga sumusunod na kasalanan _____.

Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili sa paglilingkod sa iyo nang buong puso at upang ipagpatuloy ang mga gawain na ipinagkatiwala mo sa akin. Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili na makipagtulungan sa iyo upang palaguin ang iyong simbahan, upang mangaral at gumawa ng bagong mga alagad at gamitin ang aking mga espirituwal na kaloob upang patibayin ang iyong simbahan. Panginoon, dagdagan mo ang aking pananampalataya sa iyo. Panginoon, iniaalay ko sa Iyo ang sitwasyong ito _____, Panginoon, ipaliwanag ito sa akin at tulungan mo akong lutasin ito. Bigyan mo ako, Panginoon, ng mabuting kalusugan at kinakailangang lakas upang makamit ito, at punpusin mo ako ng kagalakan at ng Banal na Espiritu habang isinasagawa ko at isinasabuhay ang aking buhay para sa iyo, ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.

Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na lalaki at babae na nagsisi at inialay ang kanilang buhay upang maglingkod sa iyo at gawin ang iyong kalooban at ang gawain na ipinagkatiwala mo sa kanila. Panginoon, puspusin mo sila ng Banal na Espiritu at bigyan sila ng mga espirituwal na kaloob na kanilang kailangan upang lumakad at maglingkod sa Iyo. Panginoon, gawing tagapagbunga, tagapaglingkod, at mabuting saksi sila sa iba upang maglingkod sa iyo. Panginoon, protektahan mo sila, tugunan ang lahat ng kanilang pangangailangan, at gantimpalaan sila sa lahat ng kanilang mga sakripisyo upang patuloy silang maglingkod sa iyo.

Panginoon, pagpalain mo kami bilang iyong simbahan, tulongan mo kami na ipagpatuloy ang pagpapalaganap ng iyong Salita at mapasigla ang iba at mahikayat silang magpatuloy at paglingkuran ka. Panginoon, protektahan mo kami mula sa pag-uusig at mula sa mga taong nakikipagsabwatan kay Satan. Panginoon, iligtas mo kami mula sa kanila. Laban kami sa lahat ng gawain ni Satan at itinataboy namin ito mula sa buhay ng aming mga kapatid at mula sa buhay ng aming simbahan sa pangalan ni Jesus. Panginoon, puspusin mo kami muli ng Banal na Espiritu at ibigay mo sa amin ang mga espirituwal na kaloob na kailangan namin sa aming buhay upang ipagpatuloy ang pangangaral, gumawa ng mga bagong disipulo, at sanayin ang mga bagong manggagawa upang magtanim ng mas maraming pag-aaral ng Bibliya at mga kongregasyon para sa simbahan. Panginoon, kami ay nananalangin para sa mas maraming manggagawa na makilahok sa simbahan. Panginoon, kami ay nananalangin para sa pagpapanibago at na iyong maibalik ang mga nalihis na mananampalataya sa simbahan. Panginoon, kami ay nananalangin para sa mas maraming tao na mabautismuhan at matanggap ang bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon, ihanda mo kami para sa iyong pagdating upang makasama ka pagdating mo. Panginoon tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuwaran ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com